
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN IV**




# MODYUL 16

# PAMBANSANG KAUNLARAN

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 16**

**PAMBANSANG KAUNLARAN**

Ikaw ay nasa ika-17 na modyul na. Sa puntong ito ay mayroon ka nang ganap na kaalaman sa mga batayang konsepto sa ekonomiks. Gagamitin mo ngayon ang mga konseptong iyon upang maunawaan ang mga aspeto ng pambansang kaunlaran.

Hindi sapat na alam mo lamang kung paano umaandar o tumatakbo ang ating ekonomiya. Mahalaga na ikaw ay may matibay na paggagap sa konsepto ng pag-unlad upang iyong masuri kung matatamo ba talaga ng Pilipinas ang pambansang kaunlaran.

Sa modyul na ito, masusuri mo ang mga pagsisikap ng Pilipinas na makamit ang pag-unlad. Sasagutin mo rin ang tanong na: Bakit kailangan ang pambansang kaunlaran?

May tatlong araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Mga Pananaw sa Pag-unlad
- Aralin 2: Mga Palatandaan ng Pag-unlad
- Aralin 3: Mga Pagsisikap ng Pilipinas Tungo sa Pag-unlad: Isang Kritikal na Pagsulyap

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matatalakay ang mga pananaw sa pag-unlad;
2. Matutukoy at mapapahahalagahan ang iba't ibang palatandaan ng pag-unlad; at
3. Masusuri ang mga patakaran sa pag-unlad ng Pilipinas sa iba't ibang panahon.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




## PANIMULANG PAGSUSULIT

I. Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ang pag-unlad ay binubuo ng mga sumusunod maliban sa:
   A. Likas-kayang pag-unlad.
   B. Makataong pamamahala.
   C. Kaseguruhang pangkabuhayan.
   D. Modernisasyon.

2. May pag-unlad kung:
   A. tumataas ang GNP.
   B. tumataas ang dami ng naghahanapbuhay.
   C. dumadami ang pinuno.
   D. natutugunan ang pangangailangan ng tao.

3. Sa *Growth-Oriented Development* palatandaan ng pag-unlad ang:
   A. Pagtaas ng GNP.
   B. Pagtaas ng *National Income*.
   C. Pagtaas ng GDP.
   D. Lahat ay tama.

4. Sa *Sustainable Human Development* palatandaan ng pag-unlad ang:
   A. Pagtaas ng kalidad ng buhay ng tao.
   B. Pagtaas ng bilihin.
   C. Pagtaas ng dami ng nag-aaral.
   D. Pagtaas ng dami ng may hanapbuhay.

5. Si Pangulong Corazon Aquino ay nagpatupad ng sumusunod na patakaran, maliban sa:
   A. Pribatisasyon
   B. Reporma sa Lupa
   C. Reporma sa Pansakahan
   D. Malayang Kalakalan

6. MTPDP ang tawag sa programang pangkaunlaran ni:
   A. Joseph Ejercito Estrada.
   B. Fidel V. Ramos.
   C. Corazon Aquino.
   D. Walang tama.

7. Angat Pinoy ang tawag sa programang pangkaunlaran ni
   A. Joseph Ejercito Estrada.
   B. Fidel V. Ramos.
   C. Corazon Aquino.
   D. Walang tama.

8. Ang prayoridad ng pamahalan ni Pangulong Estrada ay:
   A. Pagpapalago ng *small and medium scale industries*.
   B. Pagpapalago ng *large scale industry*.
   C. Pangungutang.
   D. Walang tama.

9. Ang *Human Poverty Index* ay sumusukat ng:
   A. Kakulangan sa edukasyon ng mga tao.
   B. Kakulangan sa kita ng mga tao.
   C. Maikling buhay ng tao.
   D. Lahat ay tama.

10. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang tama?
    A. Sapat na ang paglago ng ekonomiya upang maging maunlad ang isang bansa.
    B. Sapat nang maging masaya ang tao.
    C. Sapat nang may trabaho ang tao upang maging maunlad ang bansa.
    D. Walang tama.

II. Panuto: Piliin sa Hanay C ang tamang kasagutan sa mga salita sa Hanay A. Ilagay ang sagot sa Hanay B


| HANAY A | HANAY B | HANAY C |
|---|---|---|
| 11. *Land Reform Act* | | Fidel V. Ramos |
| 12. *Medium Term Philippine Development Plan* o MTPDP | | Mga Amerikano |
| 13. Pribatisasyon | | Mga Kastila |
| 14. *De-Control* | | Corazon Aquino |
| 15. *Green Revolution* | | Carlos P. Garcia |
| 16. *Filipino First Policy* | | Ferdinand Marcos |
| 17. *Import Substitution Progam* | | Joseph Ejercito Estrada |
| 18. Kalakalang Galeon | | Diosdado Macapagal |
| 19. Malayang Kalakalan | | Ramon Magsaysay |
| 20. Angat Pinoy | | Elpidio Quirino |

**ARALIN 1**

**MGA PANANAW SA PAG-UNLAD**



Ang araling ito ay tumatalakay sa iba’t ibang pananaw sa pag-unlad. Ano ba ang pag-unlad? May iba’t iba bang pamamaraan ang pag-unlad? Para kanino ang pag-unlad? Ilan lamang ito sa mga katanungang ating sasagutin sa araling ito.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mabibigyan ng pakahulugan ang salitang kaunlaran;
2. Matatalakay ang mga pananaw sa pag-unlad;
3. Masusuri ang iba’t ibang pamamaraan ng pag-unlad; at
4. Makapagbibigay ng sariling mungkahi upang umunlad ang Pilipinas.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Bago mo basahin ang inihandang aralin, sagutin mo muna ang sumusunod na tanong. Sumasang-ayon ka ba sa mga sumusunod na pangungusap? Lagyan ng ekis ang iyong sagot.

| PANGUNGUSAP | OO | HINDI |
|---|---|---|
| 1. May pag-unlad kung may mga nagtataasang gusali at naglalakihang kalsada. | | |
| 2. May pag-unlad kung lumalaki ang GNP at GDP ng isang bansa. | | |
| 3. May pag-unlad kung may mga makabagong teknolohiya at makinarya. | | |
| 4. May pag-unlad kung may demokrasya. | | |
| 5. May pag-unlad kung napangangalagaan ang kapaligiran. | | |
| 6. May pag-unlad kung tumataas ang *export* ng isang bansa. | | |
| 7. May pag-unlad kung dumarami ang dayuhang mangangalakal. | | |
| 8. May pag-unlad kung ang baryo ay naging lungsod. | | |
| 9. May pag-unlad kung may mataas na pasahod. | | |
| 10. May pag-unlad kung may trabaho ang mga mamamayan. | | |

Mayroong dalawang pananaw na batayan ng konseptong kaunlaran. Ang una ay mula sa pananaw na tinatawag na *Growth-Oriented Development* at ang ikalawa ay *Sustainable Development Model*.

Sa unang pananaw, ang pag-unlad ay sinasabing isang proseso ng paglaki ng ekonomiya. Naipapakita ang paglaki ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagtaas o paglaki ng kita ng bansa na binubuo ng *Gross National Product* (GNP), *Gross Domestic Product* (GDP), at *National Income* (NI). Ang mga konseptong ito ay napag-aralan mo na sa mga nakaraang modyul, hindi ba?

Sa pagtaas ng kita ng bansa, nasusukat ang paglago ng isang ekonomiya. Ipinapakita nito na tumataas ang produksyon at pagkonsumo dahil sa paglaki ng kita sa produksyon at serbisyo. Ang mga bansang naniniwala sa pananaw na ito ay kadalasang nanghihikayat ng mga dayuhang mangangalakal na magpapasok sa ekonomiya ng panibagong puhunan. Pinalalakas din ng bansa ang pag-eeksport o pagluluwas ng kanyang mga produkto kasama ang pagpapadala ng mga manggagawa sa labas ng bansa upang maragdagan ang kita sa pandaigdigang pamilihan. Dahil dito ay maaaring tumaas ang produksyon, magkaroon ng trabaho upang lumaki ang kita ng mga mamamayan at magkaroon ang mga tao ng kakayahang mamili at kumonsumo.


May mga kritiko ang pananaw na ito. Kanilang sinusuri ang maaaring maging epekto ng mga patakarang nakabatay sa *growth model* na ito. Basahin ang sumusunod na tsart:

| **MGA PATAKARANG KADALASANG IPINAPATUPAD AYON SA *GROWTH MODEL*** | **MGA SINASABING DI MAGANDANG EPEKTO NG MGA PATAKARAN** |
|---|---|
| Paghikayat ng dayuhang kapital | Napipilitang panatilihing mababa ang pasahod upang mahikayat ang mga dayuhang kapitalista |
| Pagbibigay ng insentibo sa mga | Isa sa mga insentibo ay supilin ang mga |

| | |
|---|---|
| mangangalakal upang lalong mamuhunan | manggagawa sa pagsusulong ng kanilang mga karapatan bilang manggagawa. |
| Pagpapaigting ng eksport o pagluwas ng mga produkto | Kadalasan ay mga produktong galing sa kalikasan tulad ng troso, mga mineral, at pagkain ang iniluluwas. Dito nalalapastangan ang kalikasan kapalit ng kita. |
| Paghikayat sa mga mamamayan na maghanap buhay sa ibayong dagat. | Ang mga panlipunang konsiderasyon tulad ng matatag na pamilya ay naisasakripisyo at nagbubunga ng paghihiwalay at pagkakawatak-watak ng pamilya dahil sa paghahanap buhay sa ibayong dagat. |
| Pagtanggal ng mga sagabal sa pakikipagkalakalan tulad ng taripa at iba pang buwis. | Sa pagpasok ng mga dayuhang produkto, kadalasan ay hindi maka-agapay ang mga lokal na mamumuhunan kung kaya unting-unti bumabagsak ang mga lokal na negosyo. Ang mga dayuhang produkto kasi ay kadalasang mas mura kaysa sa lokal na produkto. |

Nagbigay daan ang mga kritisismong ito sa *Growth Model* sa alternatibong pananaw na itinataguyod ng ilang mga pandaigdigang samahan tulad ng United Nations Development Programme o UNDP. Tinatawag itong *Sustainable Development*.

Ang pag-unlad sa pananaw ng *Sustainable Development Model* ay isang proseso ng pagpapalawak sa oportunidad ng isang tao na makamit kahit man lamang ang minimum na istandard ng kabutihang pantao o *well-being*. Naniniwala ang mga tagapagtaguyod ng modelong ito na ang pag-unlad ay para sa tao kung kaya ang batayan ng pag-unlad ay ang pagtugon sa pangangailangan ng tao at pagtaas ng kalidad ng buhay ng tao. Ang buhay ng tao ay may iba't ibang dimensyon tulad ng pulitikal, ekonomik, spiritwal, sikolohikal, pisikal, at sosyo-kultural. Maipapakita ang mga dimensyong nabanggit sa sumusunod na dayagram na galing sa *Philippine Agenda 21*:





1. Kaunlarang Pang-spiritwal (*Spiritual Development* )– ang pagkakaroon ng kapayapaan at makabuluhang buhay ay batayan ng pag-unlad
2. Kaunlarang Pang-tao (*Human Development)* – ang kaunlaran ay dapat na nagsusulong ng kagalingang pantao. Ang kanyang dignidad at mga potensyal bilang tao ay napapangalagaan at napapagyaman. Mayroong lubos na paggalang sa karapatang pantao. Walang tunay na pag-unlad kung ang tao hindi nakikinabang.

3. Kaunlarang Panlipunan (*Social Development*) – may pag-unlad kung may katarungan at pagkakapantay-pantay sa oportunidad sa bawat isang kasapi ng lipunan.
4. Kaunlarang Pang-kultura (*Cultural Development*) – may pag-unlad kung may paggalang sa kultura ng bawat isa at ang lahat ay maaaring makinabang sa mga yamang pangkultural.
5. Kaunlarang Pampulitika (*Political Development*) – demokratikong pamamahala, walang korupsyon, episyente, epektibo, at makatao ang mga palatandaan ng kaunlarang pulitikal
6. Kaunlarang Pang-ekonomiya (*Economic Development*) – maunlad ang kabuhayan kung mayroong seguridad ang bawat isa na makalahok at makinabang sa mga gawaing pangkabuhayan.
7. Kaunlarang Pang-ekolohiya (*Ecological* Development) – ang pag-unlad ay dapat likas-kaya. Hindi isinasakripisyo ang kalikasan upang kumita at matustusan ang mga pangangailangang materyal ng tao. Ang kalikasan ang pundasyon ng anumang pag-unlad.


Ang *Philippine Agenda 21* ang tugon ng Pilipinas sa pandaigidgang plano na makamit ang pag-unlad sa ika-21 siglo. Pinagpulungan ito at sinang-ayunan ng nagkakaisangmga bansa sa daigdig at tinawag na AGENDA 21 para sa buong daigdig.

Balikan mo ang iyong mga kasagutan sa Gawain 1. Kung ang iyong sagot sa bilang 1-3 at 6-10 ay OO, ikaw ay gumagamit ng pananaw ng *Growth Model*. Kung ang iyong sagot sa mga bilang na nabanggit ay HINDI; at OO naman sa bilang 4-5, ikaw ay gumagamit ng *Sustainable Development Model*.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**


Ang mga sumusunod ay mga simbulong naglalarawan ng pag-unlad. Lagyan ng A ang patlang sa ilalim ng bawat larawan kung nagpapahiwatig ito ng pananaw ng *Growth Model* at B kung *Sustainable Development*.



1. ________________



2. ________________



3. ________________



4. ________________




5. ________________




6. ________________



7. ________________




8. ________________




10. ________________



11. ________________



12. ________________



13. ________________





14. ________________ 15. ________________



**Tandaan Mo!**

- Iba-iba ang pananaw sa pag-unlad. Ang pananaw na ginagamit ang nagiging batayan ng depinisyon ng pag-unlad. Ang pag-unlad ay hindi lamang naglalayon na mapaunlad ang ekonomiya o tumutukoy lamang sa dimensyong pangkabuhayan ng bansa. Bahagi ng proseso ng pag-unlad ay ang pagtaas ng kalidad ng iba pang aspeto ng pag-unlad tulad ng pulitikal, sosyo-kultural, pang-tao, spiritual, at ekolohikal.
- Magkakaugnay ang mga bahagi ng lipunan kung kaya kailangang maging buo ang pagtingin sa pag-unlad.
- Tao ang sentro ng pag-unlad. Ang tao ang dapat makinabang nito. Ang tunay na pag-unlad ay tumutugon sa pangangailangan ng mga tao at nagtataas ng kalidad ng kanilang buhay.



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Magbigay ng limang pangungusap na naglalarawan ng *Growth Development* at *Sustainable Development*.

| Growth Development | Sustainable Development |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

B. Kung ikaw ang tatanungin, alin sa dalawang pananaw ang dapat nating gawing batayan para sa kaunlaran ng Pilipinas? Ipaliwanag ang iyong sagot at ipatsek sa gurong tagapamatnubay ang iyong ginawa.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________


_______________________________________________

**ARALIN 2**

**MGA PALATANDAAN NG PAG-UNLAD**



Naging malinaw ba sa iyo ang konsepto ng pag-unlad? Hindi ito simpleng konsepto lamang di ba? Maaaring maging makitid o malawak ang pagtingin natin sa kaunlaran. Ang ikalawang araling ito ay tatalakay sa iba't ibang palatandaan ng pag-unlad. Kailan masasabing maunlad ang isang bansa? Ano ba ang mga batayan upang masabing maunlad ang isang bansa? Ang mga batayan bang ito ay makikita sa ating bansa? Masasabi bang maunlad ang Pilipinas? Ilan lamang ang mga ito sa sasagutin ng araling ito.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matatalakay ang iba't ibang palatandaan ng pag-unlad;
2. Maihahambing ang pag-unlad ng Pilipinas sa ibang mga bansa sa daigdig batay sa mga pamantayan ng Nagkakaisang Bansa o UN; at
3. Makapagbibigay ng karagdagang palatandaan ng pag-unlad.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Punan ang mga patlang upang mabuo ang sumusunod na pangungusap:

***Ang isang bansa ay masasabing maunlad kung may:***

1. ______________________________________________

2. ______________________________________________

3. ______________________________________________

4. ______________________________________________________________

5. ______________________________________________________________

**Ang isang bansa ay maunlad kung walang:**

6. ______________________________________________________________

7. ______________________________________________________________

8. ______________________________________________________________

9. ______________________________________________________________

10. ______________________________________________________________

Iba't iba ang mga palatandaan na ginagamit upang masukat ang pag-unlad ng isang bansa. Dati-rati, ang pagsukat sa paglago ng isang ekonomiya ang palasak na ginagamit upang masabing maunlad o di maunlad ang isang bansa. Ang paglago ng ekonomiya ay nasusukat sa pagtaas ng *Gross National Product* (GNP) at *National Income* (NI). Ngunit marami ang bumabatikos sa batayang ito dahil hindi nito naipapakita ang kalidad ng buhay ng mga tao na siyang sinasabing tunay na batayan ng pag-unlad. Sa paglago ba ng ekonomiya ay gumaganda ang buhay ng tao? Nakikinabang ba ang mga tao sa pagtaas ng GNP at NI? Mas masaya ba ang mga tao sa kanilang buhay at kapaligiran tuwing lumalaki ang ekonomiya? Ang mga pangangailangan ba ng tao ay natutugunan? Ito ang mga katanungan na hindi kayang sagutin at sukatin ng tradisyonal na palatandaan ng pag-unlad kung kaya iba-iba ang

ginagamit upang masukat ang kalidad ng buhay ng tao. Ang sumusunod na tsart ay nagpapakita ng iba't ibang palatandaan at pagsukat ng pag-unlad ng kalidad ng buhay.

| MODELO | NAGTATA-GUYOD | SINUSUKAT | PALATANDAAN | MGA PUNA |
|---|---|---|---|---|
| **ECONOMIC GROWTH** | Ekonomista | Paglago ng ekonomiya | ▪ Pagtaas ng GNP at National Income | Hindi nito nasusukat ang kahirapan, kalidad ng buhay, at distribusyon ng kita ng bansa |
| **HUMAN DEVELOPMENT INDEX (HDI)** | United Nations (UN) | Haba o tagal ng buhay, kaalaman, at antas ng pamumuhay | May pag-unlad kung:<br>• mas mahaba o matagal ang buhay ng tao,<br>• mas marami ang nakakapag-aral, at<br>• mas mataas ang antas ng pamumuhay | Tatlong palatandaan lamang ng pag-unlad ang sinusukat. Dahil dito limitado pa rin ang mga palatandaan. |
| **GENDER DEVELOPMENT INDEX (GDI)** | UN | Pagkakaiba ng lalake at babae sa tagal ng buhay, kaalaman, at antas ng pamumuhay | May pag-unlad kung ang mga babae ay:<br>• may matagal na buhay ng tulad sa lalake,<br>• kasing dami ng lalaki ang nakakapag-aral, at magkasingtaas ang antas ng pamumuhay ng babae at lalake | Aspeto ng kalagayan ng kababaihan sa tatlong palatandaan ng HDI lamang ang sinusukat. |
| **HUMAN POVERTY INDEX (HPI)** | UN | Tagal ng buhay, kaalaman, at antas ng pamumuhay | May kahirapan kung:<br>• maikli ang buhay ng tao,<br>• marami ang | Kakulangan sa tatlong palatandaan ng HDI. Kahirapan |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | hindi nakakapag-aral, at<br>• may mababang antas ng pamumuhay | lamang ang sinusukat kaya limitado. |
| **QUALITY OF LIFE INDEX (QLI)** | Richard Estes | Ang antas ng pagiging kuntento sa buhay | May mataas na kalidad ng buhay dahil may maayos na:<br>• kalusugan<br>• edukasyon<br>• trabaho<br>• sapat na kita<br>• at iba pa. | Ang maganda sa panukat na ito ay maaaring magdagdag ng iba pang mga palatandaan ng pag-unlad. |

Ang *World Bank* ay may ginagamit ding iba't ibang palatandaan ng pag-unlad. Ang kanilang panukat (nakasulat sa Ingles) ay batay sa mga palatandaan sa sumusunod na tsart:

| **Social** | **Environmental** |
|---|---|
| Education | Freshwater/groundwater |
| Employment | Agriculture/secure food supply |
| Health/water supply/sanitation | Urban |
| Housing | Coastal Zone |
| Welfare and quality of life | Marine environment/coral reef protection |
| Cultural heritage | Fisheries |
| Poverty/Income distribution | Biodiversity/biotechnology |
| Crime | Sustainable forest management |
| Population | Air pollution and ozone depletion |
| Social and ethical values | Global climate change/sea level rise |
| Role of women | Sustainable use of natural resources |
| Access to land and resources | Sustainable tourism |
| Community structure | Restricted carrying capacity |
| Equity/social exclusion | Land use change |
| **Economic** | **Institutional** |
| Economic dependency/Indebtedness/ODA | Integrated decision-making |
| Energy | Capacity building |
| Consumption and production patterns | Science and technology |
| Waste management | Public awareness and information |
| Transportation | International conventions and cooperation |
| Mining | Governance/role of civic society |
| Economic structure and development | Institutional and legislative frameworks |
| Trade | Disaster preparedness |
| Productivity | Public participation |


Kapansin-pansin ang dami at lawak ng mga palatandaan na ginagamit ng *World Bank*. Kung susuriing mabuti, magkaugnay ang mga tsart na iyon at ang mga dimensyon ng kaunlaran na pinagtibay ng *UN Agenda 21* ng tsart na ito na hindi simple ang mga palatandaan ng pag-unlad.

Samantala, ang *Peace and Equity Foundation* ay isang organisasyon sa Pilipinas na naglalayong maalis o mabawasan ang kahirapan sa ating bansa lalo na sa mga mahihirap na komunidad. Ginagamit nila ang mga sumusunod na palatandaan upang malaman kung umuunlad o hindi ang Pilipinas.

| A. *Health* / KALUSUGAN | |
|---|---|
| | 1. *Life Expectancy at Birth*<br>• Matagal ba ang buhay ng Pilipino?<br>2. *Births Attended by Trained Health Personnel Index*<br>• Ang nagpaanak ba sa mga isinilang ay mga hasa at nakapag-aral?<br>3. *Underweight Children Under Age Five* (%)<br>• Mataas ba ang porsyento ng mga batang wala pang limang taong gulang na hindi malusog?<br>4. % *Of Families w/ Access to Safe Drinking Water*<br>• Marami ba ang pamilyang walang malinis na inuming tubig? |
| B. *Education* / EDUKASYON | |
| | 1. % *High School Graduate*<br>• Marami ba ang tapos ng sekondarya?<br>2. *Primary and High School Enrollment Rate* (%)<br>• Malaki ba ang porsyento ng nag-aaral sa primarya at sekondaryang paaralan?<br>3. *Adult Functional Illiteracy Rate* (% age 15 and above)<br>• Marami ba sa edad 15 pataas ang hindi marunong magbasa, sumulat, at magbilang? |

| | |
|---|---|
| C. *Income* / KITA | |
| | 1. *Per Capita Income*/ Mababa ba ang kita ng bawat isa?<br>2. *Poverty Incidence*/ Marami ba ang tinatayang mahirap?<br>3. *Severity*/ Gaano katindi ang kahirapang nadaranas?<br>4. *Magnitude of Poor Population* (*Poverty Incidence X Population*)/Gaano karami ang tinuturing na ubod ng hirap? |
| D. *Employment* / HANAPBUHAY | |
| | 1. *% of Families w/ Gainfully Employed Family Head*<br>• Marami bang puno ng pamilya ang may trabaho?<br>2. *% Families w/ Gainfully Employed Members 18 Years Old and Over*<br>• Marami bang pamilya na ang mga kasapi na 18 taong gulang pataas ay may trabaho?<br>3. *Open Unemployment Rate*<br>• Marami ba ang walang trabaho?<br>4. *Underemployment*<br>• Marami ba na hindi sapat o husto ang kanialng trabaho? |

Balikan mo ang iyong mga kasagutan sa unang gawain. Sa iyong palagay, anong modelo ang iyong ginamit sa paglalarawan ng pag-unlad? May mga karagdagang palatandaan ka bang nais idagdag?



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang sumusunod na tsart ay galing sa Nagkakaisang Bansa o UN. Ipinakikita rito ang ranggo ng mga bansa batay sa iba't ibang panukat ng pag-unlad na ginagamit ng UN. Pag-aralan mo ang tsart at pagkatapos ay sagutin mo ang mga tanong.

| HIGH DEVELOPMENT | | MEDIUM DEVELOPMENT | LOW DEVELOPMENT |
|---|---|---|---|
| 1 Norway | 56 Bulgaria | 101 Iran, Islamic Rep. of | 142 Pakistan |
| 2 Sweden | 57 Russian Federation | 102 Occupied Palestinian Territories | 143 Togo |
| 3 Australia | 58 Libyan Arab Jamahiriya | 103 El Salvador | 144 Congo |
| 4 Canada | 59 Malaysia | 104 Guyana | 145 Lesotho |
| 5 Netherlands | 60 Macedonia,TFYR | 105 Cape Verde | 146 Uganda |
| 6 Belgium | 61 Panama | 106 Syrian Arab Republic | 147 Zimbabwe |
| 7 Iceland | 62 Belarus | 107 Uzbekistan | 148 Kenya |
| 8 United States | 63 Tonga | 108 Algeria | 149 Yemen |
| 9 Japan | 64 Mauritius | 109 Equatorial Guinea | 150 Madagascar |
| 10 Ireland | 65 Albania | 110 Kyrgyzstan | 151 Nigeria |
| 11 Switzerland | 66 Bosnia and Herzegovina | 111 Indonesia | 152 Mauritania |
| 12 United Kingdom | 67 Suriname | 112 Viet Nam | 153 Haiti |
| 13 Finland | 68 Venezuela | 113 Moldova,Rep. of | 154 Djibouti |
| 14 Austria | 69 Romania | 114 Bolivia | 155 Gambia |
| 15 Luxembourg | 70 Ukraine | 115 Honduras | 156 Eritrea |
| 16 France | 71 Saint Lucia | 116 Tajikistan | 157 Senegal |
| 17 Denmark | 72 Brazil | 117 Mongolia | 158 Timor-Leste |
| 18 New Zealand | 73 Colombia | 118 Nicaragua | 159 Rwanda |
| 19 Germany | 74 Oman | 119 South Africa | 160 Guinea |
| 20 Spain | 75 Samoa (Western) | 120 Egypt | 161 Benin |
| 21 Italy | 76 Thailand | 121 Guatemala | 162 Tanzania, U.Rep. of |
| 22 Israel | 77 Saudi Arabia | 122 Gabon | 163 Côte d'Ivoire |
| 23 Hong Kong,China (SAR) | 78 Kazakhstan | 123 São Tomé and Principe | 164 Zambia |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 24 Greece | 79 Jamaica | 124 Solomon Islands | 165 Malawi |
| 25 Singapore | 80 Lebanon | 125 Morocco | 166 Angola |
| 26 Portugal | 81 Fiji | 126 Namibia | 167 Chad |
| 27 Slovenia | 82 Armenia | 127 India | 168 Congo,Dem.Rep. of the |
| 28 Korea,Rep. of | 83 Philippines | 128 Botswana | 169 Central African Republic |
| 29 Barbados | 84 Maldives | 129 Vanuatu | 170 Ethiopia |
| 30 Cyprus | 85 Peru | 130 Cambodia | 171 Mozambique |
| 31 Malta | 86 Turkmenistan | 131 Ghana | 172 Guinea-Bissau |
| 32 Czech Republic | 87 St.Vincent & the Grenadines | 132 Myanmar | 173 Burundi |
| 33 Brunei Darussalam | 88 Turkey | 133 Papua New Guinea | 174 Mali |
| 34 Argentina | 89 Paraguay | 134 Bhutan | 175 Burkina Faso |
| 35 Seychelles | 90 Jordan | 135 Lao People’s Dem.Rep. | 176 Niger |
| 36 Estonia | 91 Azerbaijan | 136 Comoros | 177 Sierra Leone |
| 37 Poland | 92 Tunisia | 137 Swaziland | |
| 38 Hungary | 93 Grenada | 138 Bangladesh | |
| 39 Saint Kitts and Nevis | 94 China | 139 Sudan | |
| 40 Bahrain | 95 Dominica | 140 Nepal | |
| 41 Lithuania | 96 Sri Lanka | 141 Cameroon | |
| 42 Slovakia | 97 Georgia | | |
| 43 Chile | 98 Dominican Republic | | |
| 44 Kuwait | 99 Belize | | |
| 45 Costa Rica | 100 Ecuador | | |
| 46 Uruguay | | | |
| 47 Qatar | | | |
| 48 Croatia | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 49 United Arab Emirates<br>50 Latvia<br>51 Bahamas<br>52 Cuba<br>53 Mexico<br>54 Trinidad and Tobago<br>55 Antigua and Barbuda | | | |

**Pinagkunan:** ***UN Human Development Report 2004***

**Mga Katanungan:**

1. Aling sampung mga bansa ang itinuturing na maunlad sa taong 2004?

    ____________________________________________

    ____________________________________________

    ____________________________________________

2. Saang kontinente matatagpuan ang karamihan sa mga bansang maunlad?

    ____________________________________________

    ____________________________________________

    ____________________________________________

3. Aling sampung mga bansa ang itinuturing na hindi naging maunlad sa taong 2004? Saang kontinente matatagpuan ang karamihan ng mga bansang iyon?

    ____________________________________________

    ____________________________________________

    ____________________________________________

    ____________________________________________

    ____________________________________________

    ____________________________________________

4. Pang-ilan ang Pilipinas sa mga bansang di-maunlad?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

5. Anu-anong mga bansa sa Asya ang mas naging maunlad kaysa sa Pilipinas sa taong 2004?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

6. Anu-anong mga bansa sa Timog Silangang Asya ang hindi naging mas maunlad kaysa sa Pilipinas sa taong 2004?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang pag-unlad ay nasusukat kung gaano natutugunan ng isang bansa ang pangangailangan ng tao at pagtaas ng kalidad ng kanyang buhay.
- Ang *Human Development Report* na inilalathala ng UN ay nagpapakita ng kalagayan sa pag-unlad ng mga bansa batay sa mga naitalagang palatandaan ng pag-unlad.
- Iba't iba ang palatandaan ng pag-unlad. Maaari pang magdagdag ng iba pang palatandaan batay sa panukat ng mga tao mismo sa kalidad ng kanilang buhay.
- Ang Pilipinas ay itinuturing na *medium development country*.
- Ang pagtaas *ng Gross National Product* (GNP) at Pambansang Kita ay hindi sapat na batayan ng pag-unlad ng isang bansa.



**Gawain 3: Paglalapat**

Kumuha ng mga gamit sa pagguhit. Gumuhit ka ng dalawang larawan. Una ay ilarawan mo ang kasalukuyang antas ng pag-unlad ng Pilipinas. Ikalawa, iguhit mo ang hinahangad mong antas ng pag-unlad para sa Pilipinas.

May pagkakaiba ba ang iginuhit mong dalawang larawan? Isulat sa patlang ang mga inilarawan mong pagkakaiba. Ipakita sa gurong tagapamatnubay ang iyong sagot.

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________

May mga karagdagang palatandaan ka bang maidaragdag sa mga larawan? Anu-ano ang mga maaari mong idagdag?

6. ______________________________________________
7. ______________________________________________
8. ______________________________________________
9. ______________________________________________
10. ______________________________________________

**ARALIN 3**

**MGA PAGSISIKAP NG PILIPINAS TUNGO SA PAG-UNLAD: ISANG KRITIKAL NA PAGSULYAP**

Sa nakaraang aralin ay napag-aralan mo ang iba't ibang palatandaan ng pag-unlad. Sa araling ito ay susuriin mo naman kung ang mga palatandaang ito ay ang naging batayan ng mga patakaran sa pag-unlad ng ating bansa sa iba't ibang panahon. Paano nagsikap ang Pilipinas upang maabot ang pag-unlad? Naging epektibo ba ang ating ginamit na pamamaraan? Ito ang mga katanungang sasagutin natin sa araling ito.

Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mailalarawan ang kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas sa pag-unlad;
2. Matutukoy ang iba't ibang patakaran at programa sa pag-unlad ng Pilipinas sa iba't ibang panahon; at
3. Masusuri kung naging epektibo ang mga patakaran at programang ipinatupad upang umunlad ang Pilipinas.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang sumusunod ay mga tsart na nagpapakita ng kalagayan sa pag-unlad ng Pilipinas. Sagutin ang mga katanungan pagkatapos mong pag-aralan ang mga tsart:

**TSART BILANG 1: Nagpapakita ng mga probinsya na tinatayang pinakamahirap sa Pilipinas.**

Suriin ang tsart sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na mga katanungan:

1. Magbigay ng 5 probinsya na siyang pinakamahirap sa Pilipinas.

2. Anong rehiyon ang may pinakamaraming mahirap na probinsya?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Anu-anong rehiyon ang walang mahirap na probinsya?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

| Region | Included in the Poorest 44 | No. of Provinces | | | Not Included in the Poorest 44 |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Included | Not Included | Total | |
| NCR | none | 0 | 4 | 4 | 1st District<br>2nd District<br>3rd District<br>4th District |
| CAR | Abra<br>Ifugao<br>Kalinga<br>Mt. Province | 4 | 1 | 5 | Benguet |
| Region I | none | 0 | 4 | 4 | Ilocos Norte<br>Ilocos Sur<br>La Union<br>Pangasinan |
| Region II | none | 0 | 5 | 5 | Batanes<br>Cagayan<br>Isabela<br>Nueva Vizcaya<br>Quirino |
| Region III | none | 0 | 6 | 6 | Bataan<br>Bulacan<br>Nueva Ecija<br>Pampanga<br>Tarlac<br>Zambales |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Region IV | Marinduque<br>Quezon<br>Romblon<br>Occidental Mindoro<br>Oriental Mindoro | 5 | 6 | 11 | Aurora<br>Batangas<br>Cavite<br>Laguna<br>Palawan<br>Rizal |
| Region V | Albay<br>Camarines Norte<br>Camarines Sur<br>Catanduanes<br>Masbate<br>Sorsogon | 6 | 0 | 6 | none |
| Region VI | Aklan<br>Antique<br>Capiz<br>Negros Occidental | 4 | 2 | 6 | Iloilo<br>Guimaras |
| Region VII | Bohol | 1 | 3 | 4 | Cebu<br>Negros Oriental<br>Siquijor |
| Region VIII | Biliran<br>Eastern Samar<br>Northern Samar<br>Western Samar<br>Leyte | 5 | 1 | 6 | Southern Leyte |
| Region IX | Zamboanga del Norte<br>Zamboanga del Sur | 2 | 1 | 3 | Basilan |
| Region X | Camiguin<br>Misamis Occidental | 2 | 2 | 4 | Bukidnon<br>Misamis Oriental |
| Region XI | Davao del Norte<br>Davao Oriental | 4 | 1 | 5 | Davao del Sur |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | South Cotabato Sarangani | | | | |
| Region XII | Lanao del Norte North Cotabato Sultan Kudarat | 3 | 0 | 3 | None |
| Caraga | Agusan del Norte Agusan del Sur Surigao del Norte Surigao del Sur | 4 | 0 | 4 | None |
| ARMM | Lanao del Sur Maguindanao Sulu Tawi-Tawi | 4 | 0 | 4 | None |

**TSART BILANG 2: Porsyento ng pamilya sa bawat rehiyon na tinuturing na mahirap**

Suriin ang tsart sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na mga katanungan:

1. Aling rehiyon ang may pinakamaraming mahirap na pamilya sa taong 2000?

 ______________________________________________

 ______________________________________________

 ______________________________________________

2. Aling rehiyon ang may pinakakaunting mahirap na pamilya?

 ______________________________________________

 ______________________________________________

 ______________________________________________

3. Saang bahagi ng Pilipinas matatagpuan ang mga rehiyong may pinakamaraming mahirap na pamilya sa taong 2000? (sa Luzon? Visayas? Mindanao?)

4. Anu-anong rehiyon ang bumaba ang bilang ng mahirap na pamilya?

| Region | 1997 | 2000 |
|---|---|---|
| **Philippines** | **28.1** | **28.4** |
| NCR - National Capital Region | 4.8 | 5.7 |
| Region I | 31.4 | 29.6 |
| Region II | 27.1 | 24.8 |
| Region III | 13.9 | 17.0 |
| Region IV | 22.8 | 20.8 |
| Region V | 46.9 | 49.0 |
| Region VI | 37.2 | 37.8 |
| Region VII | 29.8 | 32.3 |
| Region VIII | 39.9 | 37.8 |
| Region IX | 31.9 | 38.3 |
| Region X | 37.8 | 32.9 |
| Region XI | 31.1 | 31.5 |
| Region XII | 45.3 | 48.4 |
| CAR | 35.9 | 31.1 |
| ARMM | 50.0 | 57.0 |
| Caraga | 44.7 | 42.9 |

**TSART BILANG 3: Tsart ng mga Piling Palatandaan ng Pag-unlad**

Suriin ang tsart sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang ibig sabihin ng: Ang GNP ay mas mataas sa GDP?

   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

2. Ano ang kahulugan ng: Ang *Consumer Price Index* ay may puntos na 176.9?

   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

3. Ano ang kahulugan ng: Ang *inflation rate* ay 4.2%?

   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

4. Ano ang kahulugan ng *underemployment* at *unemployment rate*?

   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

5. Anu-anong mga palatandaan ang nagpapakita kung ang mga tao ay nakikinabang sa kabuhayan ng bansa?

   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

| Palatandaan | Pinakabagong Datos |
| --- | --- |
| 1. **GNP**<br>Growth Rate<br>(At Constant 1985 Prices) | 5.6% |
| 2. **GDP**<br>Growth Rate<br>(At Constant 1985 Prices) | 4.7% |
| 3. **National Government Revenues** | P 44,612<br>million<br>February 2004 |
| 4. **Consumer Price Index**<br><br>1994=100 | April 2004<br><br>176.9 |
| 5. **Inflation Rate** [7/] | April 2004<br><br>4.2 % |
| 6. **Underemployment Rate** | 17.5%<br>January 2004 |
| 7. **Unemployment Rate** | 11.0%<br>January 2004 |
| 8. Population Density | 255 persons<br>per sq. km.<br>As of 01 May 2000 |
| 9. Population Growth Rate (exponential) | 2.31%<br>1990-2000 |
| 10. Projected Life Expectancies at Birth [2/]<br><br>Males<br><br>Females | <br><br>67.23 yrs.<br>2003<br>72.48 yrs.<br>2003 |
| 11. Infant Mortality Rate [3/] | 36<br>per 1,000 live births<br>1998<br>(official estimate) |
| 12. Simple Literacy Rate | 93.9%<br>1994 |

| | |
|---|---|
| 13. School Participation Rate<br><br>Elementary<br><br>Secondary | <br><br>96.40%<br>SY 2000 - 2001<br><br>72.25%<br>SY 2000 - 2001 |
| 14. **Average Annual Family Income** | P 144,039<br>2000 |
| 15. **Average Annual Family Expenditures** | P 118,002<br>2000 |
| 16. **Annual Per Capita Poverty Threshold** | P 11,605<br>2000 |
| 17. **Poverty Incidence** | 28.4%<br>of total families<br>2000 |

### Ang Pag-unlad ng Pilipinas sa Iba’t ibang Panahon

Ang kasalukuyang kalagayan ng bansa batay sa mga palatandaang iyong sinuri ay bunga ng mga patakaran at programang ipinatupad sa bansa simula pa nang panahon bago dumating ang mga Kastila hanggang sa panahon ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Ang sumusunod na tsart ay naglalaman ng iba’t ibang patakaran at programang pangkaunlaran na ipinatupad sa ating bansa.

| PANAHON/ PANGULO | PATAKARAN AT PROGRAMANG PANGKABUHAYAN AT KAUNLARAN | MGA RESULTA |
|---|---|---|
| **PANAHON BAGO DUMATING ANG PILIPINAS** | • Pagtatanim, pangingisda, at paggawa ng mga produktong kailangan ng mga katutubo.<br>• Nakikipagkalakalan ang ating mga ninuno sa isa't isa. Ang kalakalang panloob ay mayabong.<br>• Nakikipagkalakalan din ang ating mga ninuno sa mga bansang Tsina, Cambodia, Vietnam Thailand, India, at Malaysia na noon ay nasasakop pa ng iba't ibang kaharian at imperyo.<br>• Ang lahat ay may lupang tinataniman | • Maraming suplay ng pagkain dahil ang lahat ay may lupa.<br>• Mayabong ang kalakalang panloob at limitado ang kalakalang panlabas kaya ang mga produktong nilikha ay angkop sa mga pangangailangan ng mga tao. |
| **PANAHON NG MGA KASTILA** | • Isinailalim ang Pilipinas sa sistemang enkomyenda. Ang mga lupa ay ipinamigay ng mga Kastila sa mga naglingkod sa kaharian maging Kastila, prayle, o Pilipino.<br>• Nagbabayad ang mga Pilipino ng tributo sa kanilang enkomendero. Ang tributo ay maaaring pera o pananim na binabayad sa enkomendero.<br>• Ang mga produktong Pilipino ay ipinagbibili sa Tsina o Mehico sa pamamagitan ng Kalakalang Galleon. Dahil din dito ay dumagsa ang mga kalakal sa Pilipinas na galing sa Mehico at | •<br>• Ang sistemang hacienda ang minana natin sa mga Kastila. Dahil dito, malaking porsyento ng lupa ang nasa kamay ng iilang mayaman at napakaliit naman ang natira sa nakararaming Pilipino.<br>• Sa panahon ng mga Kastila nagsimula ang problemang agraryo sa ating bansa.<br>• Nawala ang lupa sa kamay ng lahat at napunta sa kamay ng iilan.<br>• Dahil sa sistemang monopolyo, umasa tayo sa ilang mga piling produkto upang |

| | | |
|---|---|---|
| | Tsina.<br>• Ipinatupad din ng mga Kastila ang sistemang monopolyo. Sa sistemang ito, sa pamahalaan lamang maaaring ipagbili ang mga produkto na siya naman pinagbibili nito sa pandaigdigang pamilihan upang kumita ng ginto at pilak.<br>• Nagtalaga din ng mga lugar na iisa lamang ang pananim tulad ng tabako sa Ilocos, tubo sa Negros, at bigas sa Gitnang Luzon. Ang sistemang ito ay batay sa paniniwala na mas magiging marami ang makukuhang produkto at tutubuin sa mga pananim kung isa lamang ang itatanim. | maikalakal. Sa kalaunan ito ay hindi naging maganda para sa ekonomiya dahil hindi tayo nagkaroon ng maraming mapagpipilian.<br>• Kapag bumagsak ang presyo ng mga produkto natin ay wala na tayong maipagbili pang iba bilang alternatibong sa pagbagsak ng presyo ng mga tradisyonal nating produkto. |
| <br>**EMILIO AGUINALDO 1898-1901** | • Hindi naging matagal ang kanyang panunungkulan upang makapagpatupad ng patakaran at programang pangkaunlaran. Ngunit siya ay maituturing na nakapagbuklod sa mga teritoryo sa ilalim ng bandilang Pilipino. | ▪ Pagkakatatag ng Republika ng Pilipinas. |
| **PANAHON NG MGA AMERIKANO** | • Ipinatupad ang *Homestead* at sistemang Torrens upang matukoy kung sino ang dapat mag-ari ng lupa.<br>• Nagpagawa ng mga inprustrakturang pang-agrikultura tulad ng irigasyon, bagong binhi, paggamit ng makinarya, at pagsugpo ng mga peste sa pananim.<br>• Ipinakilala sa bansa ang paggamit ng mga bagong makinaryang pang- | • Sinasabing naging moderno ang ating agrikultura at mga inprustructura sa panahon ng mga Amerikano.<br>• Nagkaroon tayo ng kalsada, irigasyon, at mga kongkretong gusali sa panahon ng mga Amerikano.<br>• Sa kabila ng tinatayang magandang ginawa ng mga Amerikano, |

| | | |
|---|---|---|
| | industriya.<br>• Pinasimulan ang pagmimina ng mga mineral at pagto-troso sa kabundukan.<br>• Pinalaganap nila sa Pilipinas ang tinatawag na sistemang malayang kalakalan sa pamamagitan ng Batas Payne-Aldrich. Ang batas na ito ay nagsasaad na malayang makapapasok sa Pilipinas ang mga kalakal ng Amerika ngunit ang ating mga kalakal ay pinatawan ng taripa at kota pagpasok sa Estados Unidos.<br>• Binago ng Batas Underwood Simmons ang hindi pantay na patakaran ng Batas Payne Aldrich. Malaya na ring makakapasok ang ating mga produkto sa Amerika. | sila rin ay sinisisi dahil sa pagiging bangkarote (*bankrupt*) ng kaban ng bayan. Dahil sa malayang kalakalan, tumaas ang dami ng ating inaangkat na produkto kaysa iniluluwas. Mas marami tayong ginastos kaysa kinita.<br>• Dahil sa mga hindi pantay na batas (tulad ng Parity Rights ng nagdedeklara na pantay na karapatan ng mga Amerikano at Pilipino sa yaman ng ating bansa), at mga batas na nagtatatag ng malayang kalakalan, naitali ng Amerika ang ating ekonomiya sa kanilang ekonomiya. Naging kontrolado ng mga ito ang pagpapatakbo ng ekonomiya natin. |
| <br>**MANUEL L. QUEZON 1935-1944** | • Ipinatupad niya ang mga patakarang pangkabuhayan ng mga Amerikano.<br>• Ang naging sentro ng kanyang administrasyon ay ang pagsisikap na maging malaya ang Pilipinas sa Amerika. | • Nagkaroon ng batas na nagpalaya sa Pilipinas.<br>• Ang epekto ng mga patakaran ay katulad ng pagtalakay sa panahon ng mga Amerikano. |
| <br>**JOSE P. LAUREL 1943-1945** | • Ipinatupad niya ang mga patakarang pangkabuhayan ng mga Hapones.<br>• Naniniwala ang mga Hapones sa tinatawag na *Greater East Asia Co-Prosperity Sphere*. Ang mga bansang Asyano raw ay para sa mga Asyano | • Dahil ang administrasyong ito ay sa panahon ng digmaan, hindi maikakaila na ang Pilipinas ay naging gatasan lamang ng mga Hapones upang masuportahan ang kanilang dimgaan sa Asya. |


| | | |
|---|---|---|
| | kung kaya ang dapat na nagkakalakalan ay ang mga Asyano. | • Ang Pilipinas ay nag-suplay ng mga gamit pangdimgaan sa mga Hapon at ginawang tambakan ng mga basura ng digmaan ang Pilipinas. |
| <br>**SERGIO OSEMEÑA**<br>**1944-1946** | • Ang paglaya sa mga Hapones at pagpapatupad ng batas ng Amerika para sapagpapalaya ng Pilipinas ang naging sentro ng kanyang administrasyon. | • Naging bangkarote ang Pilipinas sa panahon ng mga Hapones.<br>• Nanumbalik ang mga Amerikano matapos talunin ang mga Hapones. |
| <br>**MANUEL A. ROXAS**<br>**1946-1948** | • Rehabilitasyon ng Pilipinas matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig ang sentro ng kanyang programa<br>• Ipinatupad sa bansa ang Bell Trade Agreement sa pagitan ng Pilipinas at Amerika bilang kapalit ng ating paglaya. Ang kasunduang ito ay nagtatag na muli ng malayang pagpasok ng kalakal ng mga Amerikano sa Pilipinas na walang kota at taripa. | • Katulad ng naging epekto ng mga Batas Payne Aldrich at Underwood-Simmons, naging bangkarote ang kaban ng bayan. |
| <br>**ELPIDIO QUIRINO**<br>**1948-1953** | • Hinigpitan niya ang palitan ng peso at dolyar. Dahil dito naging mahirap ang mag-angkat ng mga produktong galing sa ibang bansa.<br>• Upang magkaroon ng kapalit ang mga hindi na nakakapasok na produkto, pinayagan niyang magtayo ng mga sangay dito ang mga dayuhang kompanya na tinatawag na *Multinational Corporation*.<br>• Ang tawag sa programang ito ay *Import Substitution* | • Nabawasan ang pagiging bangkarote ng ating bansa.<br>• Nabigyan ng trabaho ang mga tao dahil sa pagbubukas ng mga *Multinaitonal Corporations* o MNCs.<br>• Ang mga hilaw na materyales na galing sa Pilipinas ang ginagamait ng mga MNCs kung kaya nagbunsod to ng mga negosyong Pilipino.<br>• Dahil sa pagkontrol sa palitan ng pera, |

| | | |
|---|---|---|
| | *Program*. Nilalayon nito na mapigilan ang paglabas ng pera ng Pilipinas dahil sa malayang kalakalan. | naipon ang mga kapital sa bansa na ginamit sa pagtatayo ng mga negosyong Pilipino. |
| <br>**RAMON MAGSAYSAY 1953-1957** | • Nagpatupad ng *Land Reform Act of 1955*. Nilayon ng batas na ito na magkaroon ng sariling lupa ang mga magsasaka.<br>• Naging sentro ng kanyang administrasyon ang pagpapa-unlad ng sektor na pang-agrikultura. Nagkaroon ng kooperatiba at pautang sa mga magsasaka, at pinagtibay ang sistema ng pagbebenta ng mga produkto ng mga magsasaka. | • Nabigyang pansin ang kapakanan ng mga magsasaka.<br>• Nanatili pa ring ay nasa kamay ng mga panginoong may lupa ang malaking porsyento ng lupang sinasaka. |
| <br>**CARLOS P. GARCIA 1957-1961** | • Kilala siya sa paglulunsad ng "Filipino First Policy". Nilayon nito na mapalaya ang ekonomiya sa kontrol ng mga dayuhan.<br>• Sa patakarang ito, may mga negosyong itinakda na para lamang sa mga Pilipino tulad ng pagtitingi. Unang binibigyan ng lisensya ang mga Pilipino sa mga negosyong itinuturing na para sa Pilipino. | • Nagkaroon ng mga Pilipinong kapitalista.<br>• Nagkaroon ng lakas ng loob ang mga ito sa negosyo dahil protektado sila ng pamahalaan. |
| <br>**DIOSDADO MACAPAGAL 1961-1965** | • Kilala siya sa *De-control Policy*. Ibig sabihin, inalis nito ang pagkontrol sa palitan ng salapi. Naging madali nang muli ang pagpapalit ng peso sa dolyar.<br>• Dahil dito, naging madali ang pag-aangkat ng mga dayuhang produkto.<br>• Inalis nito ang sistemang kasama sa sektor ng | • Bumaha muli ng produktong dayuhan sa Pilipinas.<br>• Dahil dito, naging mas mataas ang ating pag-angkat kaysa sa pagluluwas ng mga produkto. |

| | | |
|---|---|---|
| | agrikultura. | |
| <br>**FERDINAND E. MARCOS**<br>**1965-1986** | • Nagpatupad ng reporma sa lupa.<br>• Nagpagawa ng mga kalye sa buong Pilipinas.<br>• Naglunsad ng *Green Revolution* na naglayong pataasin ang dami ng produktong bigas sa Pilipinas.<br>• Nagsagawa ng debalwasyon ng peso.<br>• Pinautang niya ang maraming mga mangangalakal upang mapabilis ang industriyalisasyon.<br>• Nagsagawa ng maigting na pagluluwas ng Pilipino bilang manggagagawa sa ibang bansa. | • Lumobo ang utang ng Pilipinas.<br>• Dumami ang mahirap dahil sa debalwasyon at implasyon.<br>• Hindi nakapagbayad ang kanyang mga pinautang kaya lumobo ang ating utang.<br>• Siya ang nakapagpagawa ng may pinakamahabang milyahe ng kalye sa Pilipinas.<br>• Umigting ang kahirapan<br>• Hindi pa rin nasolusyunan ang problemang pang-agraryo. |
| <br>**CORAZON C. AQUINO**<br>**1986-1992** | • Ipinatupad ang *Comprehensive Agrarian Reform Law* o CARD.<br>• Ipinagpatuloy ang de-control ng palitan ng pera.<br>• Nagpatupad ng *Asset Privatization* o pagbebenta ng mga pag-aari ng gobyerno sa mga pribadong korporasyon. | • Hindi naging matagumpay ang CARP. Walang sapat na pondong inilagay sa Kagawaran ng Repormang Pang-Agraryo upang maisagawa ang programa.<br>• Patuloy ang naging paghihirap ng Pilipino dahil sa kawalan ng malinaw na programang pangkabuhayan at pangkaunlaran. |
| <br>**FIDEL V. RAMOS**<br>**1992-1998** | • Kauna-unahang pangulo na mayroong malinaw na istratehiya para sa kaunlaran. Ito ay tinatawag na *Medium Term Philippine Development Plan* (MTPDP).<br>• Ang MTPDP ay nagsagawa ng sumusunod:<br>1. malayang kalakalan sa | • Tumaas ang GNP sa panahon ni Pangulong Ramos.<br>• Ngunit sa kabila nito ay hindi rin nabawasan ang antas ng kahirapan. |

| | | |
|---|---|---|
| | pamamagitan ng pagbibigay ng insentibo sa mga dayuhang mangangalakal.<br>2. hindi muna pagbabayad ng buwis para sa mga dayuhang mangangalakal<br>3. pag-aalis o pagbababa ng taripa sa import. Tinatawag itong *Import Liberalization*.<br>4. debalwasyon ng piso<br>5. pagbebenta ng mga pag-aari ng pamahalaan. | |
| <br>**JOSEPH EJERCITO ESTRADA 2001-1998** | • Kilala siya sa pagpapatupad ng programang Angat Pinoy.<br>• Ang programa niya ay tulad din ng MTPDP ni Pangulong Ramos; ang tanging pagkakaiba ay ang pagbibigay ng prayoridad sa mga maliit at katamtamang negosyo sa mga pautang at suporta ng pamahalaan. | • Mahirap masukat ang epekto ng kanyang programa dahil sa maikli lamang ang panahon ng kanyang panunungkulan. |
| <br>**GLORIA MACAPAGAL-ARROYO 2001 to the present** | • Ang kanyang programa ay nakasentro ng pagkakaroon ng *strong republic* sa pamamagitan ng pagpaparami ng hanapbuhay sa loob at labas ng bansa, pagpapataas ng pambansang kita, at pagsugpo sa terorismo na humahadlang sa mga gawaing pagpapaunlad. | • Ang sektor ng serbisyo ang pinakamalaking sektor ng industriya ng bansa sa kasalukuyan.<br>• Tumaas ang GNP dahil sa *Overseas Contrast Workers* (OCWs) na dumami sa kanyang panunungkulan. |

Ang korupsyon sa pamahalaan ay talamak mula pa ng panahon ng mga Kastila kung kaya ang isyung ito ay hindi nabanggit sa anumang panahon o administrasyon.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

May dalawang gawain para sa pagpapalalim ng kaalaman:

A. Suriin ang sumusunod na tsart: May dalawang modelo ng mga patakarang pangkaunlaran ang pinatupad sa ating bansa – Malayang Kalakalan at Proteksyonismo.

Sino sa ating mga naging pinuno ang gumagamit ng modelong malayang kalakalan o proteksyonismo? Isulat ang mga sagot sa huling kahon.

| MGA KATANGIAN NG MALAYANG KALAKALAN | MGA KATANGIAN NG PROTEKSYONISMO |
|---|---|
| 1. Pag-alis o pagbaba ng taripa sa import | 1. Paglalagay ng taripa sa mga produktong dayuhan na matatagpuan naman sa Pilipinas. |
| 2. Pag-alis ng kota sa import | 2. Paglalagay ng kota sa mga produktong dayuhan na matatagpuan naman sa Pilipinas. |
| 3. Pag-alis ng kontrol sa palitan ng pera. | 3. Paghihigpit sa pagpapalit ng piso sa dolyar upang maging mahirap ang pag-aangkat. |
| 4. Paghikayat sa mga dayuhang mangangalakal | 4. Pagbibigay proteksyon sa mga mangangalakal na Pilipino |
| 5. Debalwasyon ng piso | 5. Pagpigil sa halaga ng piso. Pagtulong ng pamahalaan s apiso upang hindi bumaba ang halaga nito. |

B. Batay sa iyong napag-aralan, anong pananaw sa pag-unlad ang kadalasan ay ginagamit ng ating mga naging pinuno? *Growth Model* o *Sustainable Development*? Ipaliwanag ang iyong sagot.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang ating mga programang pangkaunlaran ay umiikot lamang sa pagitan ng pagpapatupad ng malayang kalakalan o proteksyonismo.
- Ang madalas na gamiting pananaw sa pag-unlad ng pamahalaan ng Pilipinas ay ang *Growth Model*.
- Ang pag-unlad o di-pag-unlad ng ating bansa ay mauugat sa mga patakarang ipinatupad simula sa panahon ng ating mga ninuno hanggang sa kasalukuyan.
- Magiging ganap lamang ang pambansang kaunlaran kung kasabay ng pagtaas ng pambansang kita at tataas din ang antas ng kagalingang pantao at kalidad ng pamumuhay ng nakakaraming mamamayan.



**Gawain 3: Paglalapat**

Ngayong nabatid mo na ang iba't ibang sukatan ng pambansang kaunlaran, ano ang iyong maimumungkahi upang maisama ang iba pang aspeto ng kaunlaran sa mga programang pangkaunlaran ng Pilipinas? Magbigay ng tig-isang sagot at isulat sa loob ng tsart. Isangguni sa gurong tagapamatnubay.

| MUNGKAHING PROGRAMA/ PATAKARAN PARA SA KAUNLARANG PANTAO | MUNGKAHING PROGRAMA/ PATAKARAN PARA SA KAUNLARANG PANLIPUNAN | MUNGKAHING PROGRAMA/ PATAKARAN PARA SA KAUNLARANG PANG-EKONOMIYA |
|---|---|---|
| | | |
| **MUNGKAHING PROGRAMA/ PATAKARAN PARA SA KAUNLARANG PANG-KULTURA** | **MUNGKAHING PROGRAMA/ PATAKARAN PARA SA KAUNLARANG PANLIPUNAN** | **MUNGKAHING PROGRAMA/ PATAKARAN PARA SA KAUNLARANG PANG-EKOLOHIYA** |
| | | |



## MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang pag-unlad ay nasusukat hindi lamang sa pagtaas ng pambansang kita. Ang tunay na pag-unlad ay pagtugon sa pangangailan ng mga tao upang maging mataas ang kalidad ng kanilang buhay. Kasama dito ang ispiritwal, kagalingang pantao, kagalingang panlipunan at kaunlarang pang-ekonomiya, pampulitika, pangkultura at pang-ekolohiya.
- Ang *Growth Model* ang naging batayan sa kaunlaran ng bansa. Isinusulong ng iba't ibang organisasyon ang mas malawak na pagtanaw sa pag-unlad sa pamamagitan ng paggamit ng *Sustainable Development Model*.
- Ang susi sa tunay na pag-unlad ay ang paggamit ng mga palatandaan ng *Sustainable Development Model* na iminungkahi ng iba't ibang bansa/organisasyon. Sa pamamagitan nito ay masusukat at mailalarawan natin kung ang mga tao nga ang tunay na nakikinabang sa pag-unlad.
- Ang bawat isa sa atin ay maaring magpanukala sa kinauukulan ng iba pang palatandaan ng pag-unlad dahil ang tao ang siyang tunay na nakakaranas ng kanyang sariling buhay.



**PANGHULING PAGSUSULIT**

I. Panuto: Piliin ang pinakatamang sagot.

1. Ang sumusunod ay palatandaan ng pag-unlad, maliban sa:
   A. haba ng buhay.
   B. dami ng nakapag-aral
   C. kita ng pamilya.
   D. dami ng inangkat na produkto.

2. Ang sumusunod ay mga pangulong nagpatupad ng malayang kalakalan, maliban kay:
   A. Diosdado Macapagal.
   B. Manuel A. Roxas.
   C. Carlos P. Garcia.
   D. Ferdinand E. Marcos.

3. Kilala si Carlos P. Garcia sa patakarang ___________________.
   A. *Land Reform.*
   B. *Filipino First Policy.*
   C. *Import Substitution.*
   D. *Asset Privatization.*

4. Nagpatupad ang mga Kastila ng mga patakarang ito, maliban sa:
   A. Kalakalang Galleon
   B. Enkomyenda
   C. Monopolyo
   D. Hacienda

5. Ang mga Amerikano ay nagpatupad ng mga sumusunod na patakaran, maliban sa:
   A. *Torrens Title Act.*
   B. *Payne Aldrich Act.*
   C. *Underwood Simmons Act.*
   D. *Import Substitution.*

6. Ang pag-unlad ay may iba't ibang dimension:
   A. pisikal
   B. pangkabuhayan
   C. pulitikal
   D. Lahat ay tama

7. Ang mga sumusunod ay katangian ng proteksyonismo maliban sa
   A. Pagbibigay diin sa mga negosyong Pilipino.

B. Paglalagay ng taripa.
C. Pagkontrol sa palitan ng pananalapi.
D. Pagbebenta ng mga pag-aari ng pamahalaan.

8. Ang mga sumusunod ay pinatupad ni Pangulong Marcos, maliban sa
   A. Inprustraktura
   B. Reporma sa lupa
   C. Pangungutang sa ibang bansa
   D. Pagkontrol sa pagtaas ng piso

9. Ang sumusunod ay mga epekto ng malayang kalakalan sa Pilipinas maliban sa:
   A. Mas maraming import kaysa export.
   B. Debalwasyon.
   C. Maraming mapagpipiliang produkto.
   D. Mas maraming export kaysa import.

10. Alin sa mga sumusunod ang ginagamit na panukat ng pag-unlad?
   A. Gender Development Index.
   B. Human Development Index.
   C. Quality of Life Index.
   D. Lahat ay tama.

11. Ang mga sumusunod ay sinusukat ng *Human Development Index* maliban sa
   A. Dami ng mahihirap.
   B. Dami ng marunong magbasa at magsulat.
   C. Haba ng Buhay.
   D. Kita.

12. Ano ang sinusukat ng *Quality of Life Index*?
   A. Dami ng Babae at Lalake na nakikinabang.
   B. Dami ng tao na kuntento sa buhay.

C. Dami ng may kakulangan sa buhay.
D. Dami ng hindi nakapag-aral.

13. Ayon sa 2004 *Human Development Report*, ang kaunlaran Pilipinas ay itinuturing na:
A. *Underdevelopment.*
B. *High Development.*
C. *Medium Development.*
D. *Low Development.*

14. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang mali?
A. May pag-unlad kahit walang demokrasya.
B. Mag-pag-unlad kung may kapayapaan.
C. May pag-unlad kung nakikinabang kapwa ang babae at lalake.
D. May pag-unlad kung nakikinabang ang lahat ng tao.

15. Sinusukat ng mga ekonomista ang pag-unlad batay sa:
A. *Human Development Index.*
B. *Economic Growth.*
C. *Gender Development Index.*
D. *Quality of Life Index.*

16. Sinusukat ng United Nations ang pag-unlad batay sa:
A. *Human Development Index.*
B. *Gender Development Index.*
C. *Quality of Life Index.*
D. Lahat ay tama

17. Ang mga sumusunod ay mga pangulong nagpatupad ng reporma sa lupa:
A. Ferdinand E. Marcos
B. Corazon C. Aquino
C. Ramon Magsaysay
D. Lahat ay tama

18. Ang mga patakarang ito ay nagbunga ng problemang agraryo sa Pilipinas, maliban sa:

A. *Torrens Title Act.*
B. Sistemang Enkomyenda.
C. Tributo.
D. Lahat ay tama.

19. Ang patakarang ito ay nagpatupad ng malayang kalakalan sa Pilipinas.

A. *Payne Aldrich Act.*
B. *Decontrol Program.*
C. *Bell Trade Agreement.*
D. Lahat ay tama.

20. Ang patakarang ito ay itinuturing na nagsusulong ng interes ng Pilipino maliban sa:

A. *Control Program*
B. *Filipino First Policy*
C. Reporma sa Lupa
D. Pribatisasyon



## GABAY SA PAGWAWASTO

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

I.

1. D
2. D
3. D
4. A
5. B
6. B
7. A
8. A
9. D
10. D

II.

| HANAY A | HANAY B | HANAY C |
|---|---|---|
| 1. Land Reform Act | Magsaysay | Fidel V. Ramos |
| 2. Medium Term Philippine Development Plan | Ramos | Mga Amerikano |
| 3. Privatization | Aquino | Mga Kastila |
| 4. De-Control | Macapagal | Corazon Aquino |
| 5. Green Revolution | Marcos | Carlos P. Garcia |
| 6. Filipino First Policy | Garcia | Ferdinand Marcos |
| 7. Import Substitution Progam | Quirino | Joseph Ejercito Estrada |
| 8. Kalakalang Galyon | Kastila | Diosdado Macapagal |
| 9. Malayang Kalakalan | Amerikano | Ramon Magsaysay |
| 10. Angat Pinoy | Estrada | Elpidio Quirino |

## ARALIN 1 MGA PANANAW SA PAG-UNLAD

### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Lahat ng bilang ay OO ang sagot.

### Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

1. A
2. A
3. B
4. B
5. B
6. B
7. B
8. B
9. A
10. A
11. B
12. A
13. A
14. A

### Gawain 3: Paglalapat

A.

| Growth Development | Sustainable Development |
|---|---|
| 1. Pagtaas ng GNP o pambansang kita | 1. Pagtaas ng kalidad ng pamumuhay |
| 2. Pagdami ng inprustraktura | 2. Pagtaas ng antas ng edukasyon |
| 3. Pagdami ng produkto at serbisyo | 3. Paghaba ng buhay |
| 4. Pagtaas ng kita ng pamilya | 4. May pagkapantay-pantay sa lipunan |
| 5. Pagtaas ng empleyo | 5. Napangangalagaan ang ekolohiya |

B. Nararapat na batayan ng kaunlaran ang *Sustainable Development Model.*

**ARALIN 2 MGA PALATANDAAN NG PAG-UNLAD**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang iyong sagot ay batay sa sarili mong kuru-kuro. Ipatsek sa gurong tagapamahala ng modyul ang iyong sagot.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Sampung maunlad na bansa:

| | |
|---|---|
| 1. Norway | 6. Belgium |
| 2. Sweden | 7. Iceland |
| 3. Australia | 8. United States |
| 4. Canada | 9. Japan |
| 5. Netherlands | 10. Ireland |

1. Europa
2. Sampung may mababang pag-unlad

   168 Congo,Dem.Rep. of the
   169 Central African Republic
   170 Ethiopia
   171 Mozambique
   172 Guinea-Bissau
   173 Burundi
   174 Mali
   175 Burkina Faso
   176 Niger
   177 Sierra Leone

3. Aprika
4. Ang Pilipinas ay bilang 83
5. Japan, Hongkong, Singapore, South Korea, Brunei, Bahrain, Kuwait, Qatar, UAE, Lebanon, Kazakhstan, Saudi Arabia, Thailand, Oman, Malaysia, at Libya.
6. Indonesia, Vietnam, Cambodia, Myanmar, at Laos.

## ARALIN 3 MGA PAGSISIKAP NG PILIPINAS TUNGO SA PAG-UNLAD: ISANG KRITIKAL NA PAGSULYAP

### Gawain 1: Pag-isipan Mo!

### Tsart Bilang 1: Mga Sagot sa Tanong

1. Mahihirap na lalawigan sa Pilipinas

| Included in the Poorest 44 |
|---|
| none |
| Abra<br>Ifugao<br>Kalinga<br>Mt. Province |
| none |
| none |
| none |
| Marinduque<br>Quezon<br>Romblon<br>Occidental Mindoro<br>Oriental Mindoro |
| Albay<br>Camarines Norte<br>Camarines Sur<br>Catanduanes |

| |
|---|
| Masbate<br>Sorsogon |
| Aklan<br>Antique<br>Capiz<br>Negros Occidental |
| Bohol |
| Biliran<br>Eastern Samar<br>Northern Samar<br>Western Samar<br>Leyte |
| Zamboanga del Norte<br>Zamboanga del Sur |
| Camiguin<br>Misamis Occidental |
| Davao del Norte<br>Davao Oriental<br>South Cotabato<br>Sarangani |
| Lanao del Norte<br>North Cotabato<br>Sultan Kudarat |
| Agusan del Norte<br>Agusan del Sur<br>Surigao del Norte<br>Surigao del Sur |
| Lanao del Sur<br>Maguindanao<br>Sulu<br>Tawi-Tawi |

2. Region V ang may pinakamaraming mahirap na lalawigan.  6 na lalawigan ang galing sa Region V Bicol Region
3. NCR, Region 1, 2 at 3 ay walang lalawigan ang napasama sa pinkamahirap sa Pilipinas

**Tsart Bilang 2: Mga Sagot**

1. Region V
2. NCR
3. Mindanao
4. Regions 1, 2, 10, CAR at CARAGA

**Tsart Bilang 3: Tsart ng mga Piling Palatandaan ng Pag-unlad**

1. Kailangan ng Pilipinas ang ibang kita na galing sa labas ng Pilipinas.
2. Tumaas ang presyo ng mga pangunahing bilihin ng 76.9% kung ikukumpara sa presyo noong 1994.
3. Tumaas ang bilihin ng 4.2%.
4. May mga taong may hanapbuhay ngunit kulang sa oras o hindi regular. Ang iba naman ay tahasang walang trabaho.
5. literacy rate, poverty threshold, school participation, income, life expectancy, mortality rate at poverty incidence.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A.

| Mga Pinuno ng malayang Kalakalan | Mga Pinuno ng Proteksyonismo |
|---|---|
| Amerikano, Roxas, Macapagal, Marcos, Ramos, Aquino, Estrada | Quirino, Garcia |

B. Ang *Growth Model* ang pananaw na naging batayan ang mga patakaran ng iba't ibang pinuno ng pamahalaan.

**Gawain 3: Paglalapat**

Ang iyong mga sagot ay depende sa iyong kuru-kuro at pananaw. Ipatsek sa guro tagapamahala ng modyul ang iyong sagot.

**PANGHULING PAGSUSULIT**

| | |
|---|---|
| 1. D | 11. A |
| 2. C | 12. B |
| 3. B | 13. C |
| 4. D | 14. A |
| 5. D | 15. B |
| 6. D | 16. D |
| 7. D | 17. D |
| 8. D | 18. D |
| 9. D | 19. D |
| 10. D | 20. D |